# 1

"Forty-nine, fifty!" Bumuga si Brett ng hangin matapos makumpleto ang fifty hanging knee raise routine. Bumaba siya sa matted floor ng gym. Bagong established lang ang gym na iyon, ni hindi pa nagbubukas. Humihingal na iniikot niya ang paningin sa paligid.

Chest and shoulder machines, weight benches and weight sets, dumbbells, back machine, abdo machine at kung anu-ano pang gym equipment ang pumupuno sa malawak na silid. Mirrored ang dalawang malalapad na dingding kaya kitang-kita ang bawat galaw ng sinumang mag-eehersisyo. So far, ang kulang na lang ay ang customized logo ng gym na ngayong araw na ide-deliver.

*Fit To Fight,* he decided to call his brand new business. Gusto niyang mag-focus ang gym sa body and muscle building. He'd met with a couple of trainers at anim na ang na-hire niya.

Anya, his niece, has been actively spreading news about the fitness club in the social media at kahit dalawang araw pa bago magbukas ay halos tatlumpo na ang nagpalista para magpa-member. Huwag nang isali ang mga nangakong pupunta at hindi lang nagpalista dahil gusto munang subukan

ang ino-offer ng gym.

Brett inhaled sharply. It had been only two months since he came back to the Philippines. Iyon ay matapos niyang matanggap ang balitang patay na si Luiz Jones, his adoptive father. Napatiim-bagang siya.

The thought of Luiz's death still made him feel bitter and very angry. Kahit pa nga ba naipahuli na nila ang may sala, kahit pa nga ba halos mabasag na niya ang mukha ni Gregor, Luiz's murderer, bago nila ito nai-turn over sa pulisya ay hindi pa rin mapigil ang galit sa kanyang dibdib.

Luiz was the father he never had. In-adopt siya ng matanda noong limang taong gulang pa lamang siya. Napakabata pa niya noon pero hanggang ngayon ay tandang-tanda pa rin ni Brett kung gaanong sakit at paghihirap ang pinagdaanan niya sa tunay niyang ama.

Brett's half-Filipino, half-American mother was a barmaid in a rundown club in Brooklyn. Doon din nito nakilala ang lasenggo niyang ama. They were living in together nang isilang siya at kahit isang minuto sa kanyang buhay kapiling ang ama't ina ay hindi siya nakaramdam ng pagmamahal. The two would constantly fight.

Ang ina niya na tanging nagtatrabaho ay walang-tigil sa pagrereklamo. She would nag at his father all the time she was home. At wala namang

ibang ginawa ang kanyang ama kundi bugbugin ang kanyang ina. The two were too caught up in their miserable lives that the only person who gave her attention was his mother's half-sister, Katie. Ito ang nagbi-babysit sa kanya sa tuwing nasa trabaho ang ina at ang kanyang ama ay nagpapakalunod sa alak.

Babysitter si Katie at madalas noong makasama ni Brett ang ibang batang inaalagaan din nito. He remembered those kids enjoying new toys, clean clothes, and delicious snacks. Samantalang siya ay palaging marungis at wala ni isang laruan. Hindi naman siya ni-neglect ni Katie pero kailangan nitong siguruhing maayos ang ibang batang binabantayan dahil doon lamang nanggagaling ang income nito.

Isang araw habang hinihintay niyang ihatid siya ng ina sa bahay ni Katie bago pumasok sa trabaho ay nagkaroon ng malaking pagtatalo sa pagitan nito at ng kanyang ama.

Halos naririnig pa ni Brett hanggang ngayon ang walang-pasubaling pagmumurahan ng dalawa.

*"You bastard! You've done nothing but drown yourself in alcohol that you buy with my money! Why can't you find a job? You're a useless son of a bitch! You can't even support Brett—"*

*"Why the f*ck would I want to work just for that bastard son of yours? I'm not even sure he's my son*

*'cos you can't stop screwing every guy that buys a drink—"*

*"F*ck you! You know damn well Brett is yours! You even stopped me from doing an abortion 'cos you know he's your child! If you hadn't stopped me then we won't be having this f*cking row! You ruined my life!"*

*Tunog ng mataginting na sampal ang sunod na narinig ng batang si Brett. Natatak sa isip niya ang kasasabi lang ng ina. He didn't know a lot, he didn't know big words. But he certainly knew what abortion was. Blangko ang ekspresyon na nilingon niya ang mga magulang. Walang-tigil ang kanyang ina sa panlalaban sa kanyang ama habang panay pa rin ang murahan ng dalawa. He couldn't remember how many times he'd resorted to crying in the past in his futile attempts to stop the fight between the two. He was used to it by now.*

*But having learned that his mother never wanted him at all was a different matter altogether. It cut a deep, solid wound in his chest. He didn't belong to anyone. No one really wanted him.*

*At nagsimula siyang magtatakbo papalayo sa kanilang bahay, pilit na inaalala ang daan patungo sa bahay ng tiyahin.*

*It was February; still winter in New York. Nakasuot lang siya ng jumper at ni hindi naisip na isuot ang coat na kani-kanina lang ay hawak niya*

*habang hinihintay ang ina. Maglilimang minuto pa lang siya sa paglakad-takbo ay halos nanginginig na siya sa lamig.*

*He remembered that it wasn't very far to his aunt's house.*

*Luminga-linga si Brett sa paligid pero hindi na niya makita ang dinaraanan.*

*Busy people started flooding the streets and they were blocking his view.*

*Gayunpaman, determinadong naglakad pa rin siya sa kabila ng panginginig dahil sa lamig. Kailangan lang niyang makita ang isang saradong grocery store. Iyon ang landmark niya para sa bahay ng tiyahin. Pero halos magbe-beinte minutos na ay hindi pa rin niya makita ang hinahanap.*

*His hands were starting to get really cold, his nose numb.*

*Kitang-kita niya ang umuusok niyang hininga dahil sa lamig. Bago pa man niya namalayan ay napahandusay na siya sa kalsada, nangangatal sa lamig.*

*And then he passed out.*

Sa ospital na nagising si Brett pagkatapos niyon. At nakilala niya si Luiz Jones, ang taong tumulong sa kanya. From what he'd heard, Luiz picked him up and brought him to the nearest hospital.

One of the doctors said that he was being

treated for hypothermia and dehydration. He was told that a few more minutes without aid and he could have died.

Alam ni Brett kung ano ang nangyayari, kung nasaan siya, kung sino siya pero wala siyang ganang magsalita. He simply didn't care kahit gaano pa kakulit ang mga hospital attendants.

Luiz talked him out of his silence. There was something about the old man. He was authoritative yet warm. And he was sincere. Sa loob ng halos isang oras ay nailabas niya rito ang lahat ng nasa dibdib niya. Sinabi niya sa matanda ang kanyang sitwasyon at ang nararamdaman.

Nagdesisyon si Luiz na makipagkita sa kanyang mga magulang. Hindi niya alam ang tungkol doon.

Pero matapos lamang ang sandaling pakikipag-usap nito sa kanyang ina ay sinabi na ni Luiz kay Brett ang balak nito. He wanted to adopt him. Major Luiz Jones of the *US Army* wanted to adopt him.

Brett would learn later on that Major Jones no longer went to fight wars. He was close to retiring and was working behind a desk in *Fort Drum*, New York, isang military base ng *US Army*.

Isang linggo ang matuling lumipas at walang kahirap-hirap na na-approve ang adoption niya. His goodbye to his parents was brief and emotionless. Panay man ang tangis ng kanyang ina ay wala ni

isang patak ng luhang tumulo mula sa kanyang mga mata.

If anything, Brett was genuinely wondering why she was crying when he knew she didn't want him in the first place. His goodbye to Katie was warmer. And although he still didn't cry, he knew in his heart back then that Katie was his closest family.

Iniuwi siya ni Luiz sa bahay nito sa Manhattan at doon niya nakilala ang nag-iisa nitong anak na babae, si Anabeth. She was twenty-five years old, vibrant and beautiful. Wala itong ipinakitang kahit na anong reservation nang makita siya. It was almost a shock to him how he felt so wanted in that house. Kabaligtaran sa pinanggalingan niyang tahanan kung saan halos isuka siya ng sariling mga magulang.

Anabeth would tell Brett time and again that if her father hadn't adopted him, she would have done it. Pero malinaw na sinabi ni Luiz na gusto nito ng lalaking magmamana ng apelyido nito. Plus, he really wanted a son. The moment he heard that from the old man, Brett silently vowed that he would be the best son Luiz could ever wish for.

"Ianne!"

"Ay, leche!" Muntik nang mailuwa ni Ianne ang isang tambak ng French fries na isinubo niya. Iritadong nilingon niya si Paola, ang manager ng

pinagtatrabahuhang café. "Ano ba? Halos patayin mo ako sa gulat!" sita niya matapos sapilitang lunukin ang nasa bunganga.

Kasalukuyan siyang nakamaang sa counter ng café/restaurant dahil tatlo lang ang customers nila. Napakatahimik ng lugar pero ni hindi man lang niya napansin ang pagpasok ng manager katulad ng madalas na nangyayari. Minsan naiisip niyang sinasadya nito ang biglaang pagsulpot para mahuli ang mga kabulastugang ginagawa ng mga staff. Pero sa dalang ng customers, ewan kung masisisi nito ang limang empleyado, kabilang na siya, kung nakakaisip man sila ng mga kalokohan sa dami ng bakanteng oras.

Akmang muli siyang susubo ng French fries na takeout niya galing *McDonald's* nang agawin nito iyon sa kanyang kamay pati na ang lalagyan.

"Hey!" angal niya.

"Hey ka diyan!" pakli nito at derechong itinapon ang supot na may laman pang cheeseburger sa malapit na bin. "Kita mong healthy food ang sini-serve natin 'tapos magpapakita ka sa mga customer na nilalapa ang French fries na tinitinda diyan sa kabilang kanto?" irap nito.

Umikot ang mga mata niya. "Eh, sa nagugutom ako, eh! Saka hindi naman ako katulad nilang napaka-boring ng choice sa pag—"

Bago pa niya natapos ang sasabihin ay natakpan

na nito ng sariling palad ang kanyang bibig. "Ano ba, Ianne, baka marinig ka."

Inalis niya ang kamay ni Paola sa kanyang bibig at kahit papaano ay hininaan ang boses. "'Te, tatatlo lang ang tao at ang lalayo dito sa counter, feeling mo naman diyan maraming makakarinig."

Sanay na sa kanya si Paola. Ianne has always been carefree and frank. Well, sometimes… too frank for her own good. Pero iyon na ang nakasanayan niya. As they say, she calls it as she sees it.

At kung hindi lang niya siguro classmate since high school at best friend ang manager ay matagal na siyang nawalan ng trabaho. Dahil dalawang taon lang sa kolehiyo ang kanyang natapos. And with the type of education she had, tanging call center lang ang mapapasukan niyang makapagbibigay sa kanya ng disenteng sahod. Pero dahil wala siyang kuwenta kapag kulang sa tulog, hindi na niya kino-consider ang call center option. Magdusa si Paola sa kaartehan niya hanggang sa makahanap si Ianne ng mayamang mapapangasawa na willing suportahan ang kanyang ina, kapatid at dalawang anak nito na ilang taon na lang ay kailangan nang mag-aral.

Should someone ever come close to marrying her, given na nga na mayaman ito, iyon ang unang kondisyon: she and her family would come as a package. All or nothing.

Tinampal siya ng kaibigan sa braso na nagpabalik sa nagliliwaliw niyang isip. “Kasi naman, kung aayusin mo kahit papaano ang pakikipag-usap mo sa mga customer, baka sakaling bumalik ’yung iba.”

Tumaas muli ang kilay niya. “Aba! Ano’ng gusto mong gawin ko? Halikan ang mga paa nila at linisin ang kanilang mga sapatos? Excuse me, may extra bayad iyon!”

“Puro ka kalokohan!” nakabusangot na sagot ni Paola. “I’m serious, Ianne. Have you seen the most recent report? Halos ten percent ulit ang ibinagsak. Abonado pa ako sa mga sahod ninyo. We need to do something,” kunsumido nitong saad.

“Teka lang, sa tingin mo talaga dahil sa akin kaya wala tayong masyadong customer?” concerned na niyang tanong. She didn’t care much about *other* people, but she certainly cared about her best friend, and her… salary.

“Gaga! Parte lang iyon. Ang totoo kasi, wala naman talagang masyadong mahilig sa salads and protein shakes. O di kaya ay vegetarian meat… Lalo pa at napapalibutan tayo ng fast food restaurants. Kita mo nga at pati ikaw, doon din bumibili ng pagkain.”

Napangiwi siya. “Eh, sa kailangan ko ng karne…”

Bumuntong-hininga ito at lalong dumilim ang

anyo. “Napansin mo na rin siguro iyang inaayos na space sa kabilang kalsada.”

Nilingon ni Ianne ang tinutukoy nito. Through the glass wall, kita nga niya sa kabilang kalsada na labas-pasok ang mga tao sa malawak na commercial space at may bitbit na mga kahon at kung anu-ano. Walang logo o anupaman sa labas niyon at natatabunan ng mga nakadikit na newspaper ang glass wall kaya hindi nila makita ang nasa loob.

“Ano ba ’yang ginagawa nila diyan?” kunot-noo niyang tanong.

Nagkibit-balikat si Paola. “I bet it’s another food place. ’Yan ang ipinangangamba ko. Siguradong pag nagbukas ’yan ay tapos ang negosyo ko.”

Umikot ang mga mata niya. “Ano ka ba, ang drama mo. Alam mo naman kung ano ang dapat mong gawin para hindi ka tuluyang malugi. Palitan mo ang menu mo. Aba’y ang galing ng assistants at chef natin, ba’t di ka pagawa ng bagong menu? ’Yung may karne, alam mo ’yun?”

Umiling ito. “Hindi iyon ganoon kadali. Health and wellness ang pino-promote ng *Fit and Fab*. Gan’un na simula nang iwan sa akin ’to ni Mommy. Kapag pinalitan ko ang menu, mawawala ang essence ng lugar, ang effort ni Mommy. ’Might as well call this *Fatness Café!*”

“’Te, hindi naman isang kilong taba ng baboy ang ihahain mo sa bawat customer, ’no! Haven’t you

heard? Change is the law of life. Kung kailangan mong palitan ang pangalan, then do so. Alalahanin mong dapat mo akong sahuran! Paano na lang kung tuluyan kang malugi? Paano na ako?"

Sarkastikong ngumiti si Paola. "Na-touch naman ako sa pagka-supportive mo, Ianne. Kahit kailan talaga hindi mo ako binigo!"

"Talaga!" kunwa'y proud niyang sagot. "Seriously though, pag-isipan mo, Pao. This place has been struggling for two years now at ngayon talaga ang pinakamalala. I think oras na para i-consider ang mga nakalatag na options. And whatever your decision may be, I'll support you..." Kahit papaano ay nagseryoso na siya dahil naaawa na siya sa pagkaaburido ng kaibigan.

"Tingnan ko muna kung ano ang epekto sa resto ko niyang nasa tapat natin. Saka ako magdedesisyon."

"Naku," aniya, mabilis ang pag-iling. "Baka kung kailan pa iyan magbukas. You need to act fast!"

"Okay. Kung gan'un, may iuutos pala ako sa 'yo," derecho nitong saad.

"Ano 'yun?"

"Tumawid ka sa kalsada, pumasok ka diyan sa kaharap nating building at tanungin mo kung ano ba 'yang itinayo nila."

Nangunot ang kanyang noo. "Ba't ako? Ikaw ang manager diyan, eh. Besides, bantay ako sa

counter, baka may dumating na customer." Ayaw niyang makiusyoso.

"Ako na ang bahala dito. Just go. Don't take long kung itong counter ang inaalala mo. Ikaw na rin ang maysabing I need to act fast."

"Eh, paano kung di ako papasukin, eh, di napahiya ako?" protesta pa rin niya.

"At least nakasilip ka," anito. "I'm sure isang tingin lang sa loob, alam na natin kung ano 'yan. Sige na, Ianne, please..."

Napabuntong-hininga siya. "Oo na. Naku! Dapat may extra pay 'to..."

# 2

Banas na luminga-linga muna si Ianne sa kalsada, sinisugurong walang paparating na sasakyan bago kumaripas ng takbo patawid. Kahit papaano ay nae-excite din siyang malaman kung anong klaseng establishment ang katapat nila. At malay niya, makilala niya ang manager, o di kaya ay ang may-ari. Napapalatak siya, dapat ay nagsuklay man lang siya at nag-retouch. Baka ito na ang hinihintay niya.

She hoped that if ever the owner was there ay hindi ito batang-bata. She preferred older guys—forty-something, and single. Hindi dahil attracted siya sa ganoong edad ng lalaki, but she figured, mas malawak ang pang-unawa ng mga lalaking nasa ganoong edad sa mga conditions niya, sakaling umabot nga sa kasal ang lahat.

Younger guys would have more options, at huwag nang isali na isip-bata ang karamihan sa mga ito.

Ang pinaka-inaalala niya ay baka bumigay ang kanyang puso sa isang batang lalaki at maisantabi niya ang pamilya. Alam niya ang lahat ng kaek-ekan ng mga binata at lahat ng gagawin ng mga ito para lang mapasagot siya. Ilang beses na ring

halos mahulog na siya sa mga batang manliligaw pero narerendahan niya ang sarili at tuluyan niyang binabasted ang lalaki.

Her family has always been her priority. At ang tanging paraang naiisip niya para alisin ang mga ito sa kahirapan ay ang makapangasawa ng mature at mayamang lalaki. Iyong sobrang bait. Hindi kailangang guwapo, pero hindi naman iyong kahindik-hindik ang pagmumukha.

Natatawang napailing siya sa sarili. Kung anu-ano na ang pinag-iisip niya, eh, may sisilipin lang siya. Ilang segundo lang ay nasa harap na si Ianne ng pakay.

Nagulat siya nang automatic na bumukas ang mga pintong salamin nang tumapat siya roon. Napabuga si Ianne ng hangin at tumuloy na sa loob.

She smelled leather and paint and it didn't take her long to realize what the place was. Sa dami ng treadmills, weights at kung anu-ano pang equipment ay alam na niyang gym iyon. May anim na lalaking naroon at nag-a-assemble ng ilan pang kagamitang galing sa kahon. Tila hindi siya pansin ng mga ito kaya pinagpatuloy niya ang pag-eksamin sa paligid. Nadaanan ng mga mata niya ang mirrored walls at wala sa sariling napalapit sa isa sa mga iyon.

Ianne checked her face and realized she had

crumbs of French fries on her chin. Kunot-noo at mabilis niya iyong pinalis ng kamay at inayos ang kulot niyang buhok na naka-ponytail. Pagkatapos ay pinlantsa niya ang suot na uniform gamit ang mga palad.

"May I help you?"

Halos ay mapatalon siya sa gulat nang marinig ang malagom na boses na iyon. Muli siyang napaigtad nang mapatunghay siya sa salamin.

May lalaki nang nakatayo sa likuran niya. Marahas niya itong nilingon para lang mabilis na mapaatras. He didn't realize that the man was so close to her.

"Ah… I'm s-sorry," nanlalaki ang mga matang sambit niya sa kawalan ng masabi.

Itim na itim na mga mata ang sumalubong sa kanya, ang makakapal na kilay ng lalaki ay halos magpang-abot na sa pagkakakunot ng noo nito. Parang sa bagong gising ang buhok nito at talagang aakalain niyang bagong gising ang lalaki kung di lang sa pawis na tumutulo sa noo at sa gilid ng isang pisngi nito.

And just as she noticed that, a smell so manly invaded her nostrils. Pinaghalong pawis, panlalaking pabango at shower gel at bigla ay parang gusto rin niyang pagpawisan. She also realized how big the man was in front of her.

She was only 5'4" at talagang kailangan niyang

todong tumingala para lang makita ang guwapo nitong mukha.

*Tse!* balak sana niyang pagkontra sa sarili. *Wait, oh, my God ang guwapo nga!*

Napakatangos ng ilong nito, nagpapalabas ng pagkadominante ng buo nitong aura. Idagdag pa ang mapupula at bahagyang nakatiim nitong mga labi. Itim na itim din ang buhok ng lalaki at ang kabuuan ng katawan nito… God, the guy was all bulk and muscles in all the right places. But not the Hulk Hogan or Batista type of muscles.

This man had lean muscles underneath his pale brown skin. At nangingintab ang mga iyon dahil sa pawis. He must have been working out. Bigla ay parang kating-kati si Ianne na damhin ang hubad nitong braso.

"What are you doing here? Are you looking for someone?" untag ng lalaki na muling nagpagising sa pagkakatanga niya sa harapan nito.

"Uhm… I'm sorry. Sinisilip ko lang kung ano ang…" Nagkibit-balikat siya at inilahad ang palad sa paligid. "Kung ano ang bubuksan n'yo rito. Hindi ko inakalang gym pala ito. Akala ko, restaurant or something…"

"Well, I'm sorry to disappoint you, we're not here to feed people. We're here to help them lose weight. "

"So you'll be working here," komento niya.

"I own the place," pakli nito.

Ibinalik niyang muli ang mga mata sa lalaki at muling nabistahan ang kadiliman ng mga mata nitong tila hindi na iniiwan ang kanyang mukha. Ramdam niyang kanina pa halos kumawala sa kanyang ribcage ang kanyang puso at gusto niya iyong daklutin at pagsabihan. Gusto niyang sabihang masamang tao ang nasa harap at hindi dapat ito kinikilig. She must be crazy but she instantly didn't trust the man in front of her. Parang may pinukaw ito sa kaila-ilaliman ng kanyang pagkatao. And that was hate.

"I see. Sige, I'll leave you to it, good luck." Mabilis na siyang tumalikod pero muling nagsalita ang lalaki.

"I'm Brett, by the way."

Kaswal na nilingon niya ito. "Ianne." At muli nang tumalikod para lang mabitin sa ere ang paghakbang. Jet black hair, eyes that were just as black, ang matangos nitong ilong at mapupulang labi na wari niya ay palagi nang nakasimangot o di kaya ay nakangisi.

Marahas niyang ibinalik ang paningin sa lalaki at sa paraan ng panlalaki rin ng mga mata nito ay parang kadidiskubre lang din ng lalaki ng kanyang naisip.

"Brett?"

"Ianne?"

Sabay pa sila halos nagsalita.

Parang apoy siyang sinindihan na inilang-hakbang ang lalaki at mataginting na sinampal. "You filthy piece of shit!"

Maang pero tila amused na hinimas nito ang nasaktang pisngi bago nagsalita. "Still the nasty bitch that you are, Ianne Mae Gonzales," nakangisi nitong saad na ngayon ay puno na ng sarkasmo ang tinig. "Still haven't forgotten about me, I see."

"How can I forget a self-centered, perverted asshole like you?"

Sa halip na mainsulto ay mas lumapad lang ang ngisi nito. "I know why, 'cos I'm your first kiss," anas nito, ngayon ay sa nakaawang na niyang mga labi nakatingin. Halos mag-panic ang buo niyang sistema. Napaatras si Ianne nang humakbang ang lalaki papalapit sa kanya. "Are they still as sweet as the last time I tasted them, Ianne?"

"Lumayo ka!" Marahas niya itong tinulak, pulang-pula ang mukha. "Hindi ko alam kung saan mo nakuha ang ilusyong iyan. You never kissed me! I never kissed you! What the hell is wrong with you?" humihingal niyang tungayaw, walang pakialam sa mga nagulantang na nagtatrabaho sa loob.

Wala talaga siyang pakialam. Buti ngang maipahiya niya ang lalaking ito sa mga kasamahan. Puno ng hangin ang kukote, mas magandang

mabawa—

At bigla ay tila dumilim ang paligid.

A shadow covered her and before she knew it, lips as warm as honey covered her open mouth. She immediately tasted Brett's sweet plump lips on her mouth.

At parang napuno ng mainit na likido ang kanyang katawan nang hagurin ng dila nito ang kanyang bibig.

He then sucked on her lower lip passionately.

Marahas niya itong tinulak at tulala itong tinitigan. There was no way in hell she could believe what had just happened.

"Hmm…" he moaned. "It's even sweeter now, Ianne."

Doon siya parang itinapon sa nagyeyelong tubig at nagising sa pagkabigla. Walang-babalang muli niya itong sinampal. "Bastos! Napakabastos mo talaga kahit kailan! You evil son of a bitch! Ba't ka pa bumalik dito sa Pilipinas!"

Lalo lang siyang nainis nang marinig ang mahina nitong tawa habang walang effort na iniiwasan ang mga kamay niya. At sa totoo lang ay siya ang nasasaktan sa ginagawa, tila bakal ang mga braso nitong sumasalag sa mga banat niya. Sa sobrang desperasyon at panggigigil ay inabot niya ang high heels at ipinukpok iyon sa ulo ng lalaki. Gusto niyang magpapiyesta nang marinig itong

umungol.

"F*ck, ouch!"

Bibirahin pa sana niya ito ulit pero mabilis nang nakaatras si Brett. Dinuro niya ito gamit ang sapatos. "Don't you ever touch me again. May you rot in hell!" Mabilis na niyang isinuot ang sapatos at humihingal pero taas-noong nagmartsa palabas ng gym.

Puno pa rin ng galit ang dibdib ni Ianne kahit nakabalik na siya sa *Fit and Fab.* Laking pasasalamat niya at wala sa counter si Paola, wala pa siya sa mood na sabihin dito ang natuklasan. Padaskol siyang bumalik sa kanyang puwesto at kahit anong pilit niyang iwasan ay walang patawad na rumagasa sa kanya ang alaala noong fourth year high school siya, isang linggo na lang bago ang graduation…

*Malawak ang pagkakangiti ni Ianne habang papasok sa cafeteria ng eskwelahan. Hinanap niya ang kaibigang si Paola, may sasabihin siya rito. Inaamoy pa niya ang mga rosas na kasalukuyan niyang bitbit. Bigay iyon sa kanya ni Christian, ang kanyang ultimate crush na ngayon ay mag-iisang buwan nang nanliligaw sa kanya. Balak niyang sagutin ang lalaki sa araw ng kanilang graduation. Pangako kasi niya sa kanyang ina na hindi magbo-boyfriend habang high school pa lang.*

*Christian knew about it and he told her he was willing to wait. Pumayag din itong huwag ipagkalat na nililigawan siya nito. Ayaw rin niyang ma-misinterpret iyon ng mga kapwa niya estudyante, at i-assume na mag-jowa na sila. Tiyak na malilintikan siya sa ina.*

*But this day was different. She decided to let the whole world know that Christian Valencia was courting her. Isang linggo na lang din naman at graduation na, what harm could it do? Nasabi na rin naman niya sa mga magulang ang tungkol sa manliligaw. Kaya nga ngayon ay hindi na nag-alinlangan si Christian na bigyan siya ng bulaklak kahit makita pa iyon ng buong eskwelahan.*

*Kunot-noong inabot niya ang* Nokia 5110 *niyang cell phone, ite-text niya si Paola. Mag-a-alas cinco na at ang cafeteria ang meeting place nila bago sabay na umuwi. Hindi pa man natatapos ang kanyang pagte-text ay may pumuna na sa kanya.*

*"Ano 'yang bitbit mo?"*

*Hindi pa man nililingon ay alam na niya kung sino ang asungot. The infamous Brett Jones, isa sa apat na mahahanging lalaki na inaalipin ang mga babae sa campus. Toying with all the girls' emotions and then leaving them without a second thought. Kaya iritang-irita siya sa grupo ng mga ito, lalo na sa lalaking nakalapit na sa kanya ngayon na sa kung anong sugo ng pagkakataon ay wala nang*

*ginawa kundi ang landiin siya. Akala naman nito ay papatulan niya. She knew too well na balak lang nitong igaya siya sa mga naging syota nito. Pairap niya itong nilingon.*

*"Ano sa tingin mo ang bitbit ko? Bulag ka ba?" maanghang niyang balik at nag-text na ulit. Wala siyang panahong pagmasdan ang nakakairitang kaguwapuhan nito.*

*"Sino'ng may bigay sa 'yo niyan?" patuloy nito sa tonong noon lang niya narinig.*

*Brett usually had that playful, endearing tone whenever he talked to her. Pero ngayon sa unang pagkakataon ay parang pasan nito ang buong daigdig sa bigat na nasa boses nito.*

*As for her, she's on top of the world! At wala siyang balak magpahawa sa nega-vibes ng damuhong lalaki. "Si Christian Valencia, my suitor." Ngumisi si Ianne. "Isn't he sweet? Ikaw ba, may nabigyan ka man lang ba ng bulaklak sa lahat ng babaeng nilandi mo?"*

*"I don't need to give them anything, I'm enough for them. Hindi na kailangan ang mga pa-tweetums na ginagawa ng mga lalaking walang kumpiyansa sa sarili, kagaya ng Valencia na 'yon. Geeky bastard! I'm surprised you'd even look at him, ni sa kalingkingan ko ay hindi uubra ang mukha n'on."*

*Banas niya itong tinitigan. "Hindi ka rin talaga mahangin. 'no? For your information, guwapo si*

*Christian. Bukod pa d'un, mabait siya at gentleman, hindi katulad mong bastos at walang-modo. Kung ikaw lang din naman ang ikukumpara sa kanya, kay Christian na ako one hundred percent! Ni hindi ko na kailangang pag-isipan."*

*Lalong dumilim ang anyo ng lalaki na ikinatuwa ni Ianne kaya siya nagpatuloy. Minsan lang siya makakita ng reaction dito, sa tuwina ay siya ang naiirita. "Makapagsalita ka, akala mo kung sino kang regalo ng Diyos sa mga kababaihan, eh, mukha lang naman ang meron ka. There's nothing else in that coconut of yours but girls and stupidity. Tse!" Balak na niya itong talikuran pero muli itong nagsalita.*

*"How long has he been courting you?"*

*Napangisi siya. "If you must know, he's been doing it for more than a month."*

*"Ano? Ba't di ko 'yun alam?"*

*"Sino ka ba para sabihin ko sa 'yo?" bara niya rito.*

*"Nililigawan din kita. It would have been nice to know who my competition is," walang-gatol nitong sagot na tila totoo ang sama ng loob na nararamdaman.*

*"Nililigawan?" maanghang niyang balik. "Panliligaw ba ang tawag mo sa pagtawag sa akin ng 'Hot stuff'? Panliligaw mo bang matatawag ang pagtampal mo sa puwet ko habang di ako*

*nakatingin?"*

*"Girls love that!"*

*Halos umikot ang mga mata niya. He was hopeless. Wala itong ideya sa tamang pagtrato sa babae. "You're a clueless moron, Brett Jones. Huwag mo akong igaya sa mga babae mong makakita lang ng kaaya-ayang mukha ay halos malaglag na ang panty."*

*"You are so unladylike, Ianne," bigla ay natawa nitong saad.*

*"Paki mo?" mataray niyang balik. "Nakita mo ba si Paola?" naisipan na rin niyang itanong.*

*Ngumisi ito at mula sa bulsa ay may iniabot sa kanyang maliit na note. It was from Paola. Low-batt daw ito at kinailangan nang mauna sa pag-uwi dahil may lakad kasama ang mga magulang.*

Great!

*"Huwag mong sasagutin si Christian. You deserve someone better than him."*

*Nang-iinsultong nilingon niya ang lalaking di pa rin pala umaalis. "Someone like who? Like you? Tse, tigil-tigilan mo nga ako. If I know, nacha-challenge ka lang dahil ako lang sa mga babae ang di pumapatol sa 'yo." Proud niyang itinaas ang noo. "Pasensya ka, hindi kita type!"*

*"And your type is the likes of Christian?" mapait nitong saad na halatang apektado na sa mga pang-iinsulto niya.*

*"Oh, yes! At sasagutin ko siya sa graduation! Kung hindi lang ako nakapangako kina Mommy na hindi magbo-boyfriend habang high school pa lang ay matagal ko na siyang sinagot."*

*Brett's already black eyes grew a tad darker than before, "We'll see..."*

*Kunot-noong sinundan niya ng tingin ang papalayo nitong bulto.*

*A chill ran down Ianne's spine. She'd never seen Brett so serious, almost menacing.*

*Napabuga siya ng hangin bago inirapan ang gawi nito. Minabuti na lang niyang umuwi. Pero laking pagkadismaya niya nang pagdating sa bahay ay maabutan ang huling taong nakita niya sa unibersidad. Prenteng nakaupo si Brett sa kanilang balkonahe kausap ang kanyang ina. Her father, as usual, wasn't home at ang kanyang Ate Sandra ay malamang na may ka-date na naman.*

*"Ano'ng ginagawa mo dito?" mataray niyang bungad.*

*"Ianne!" mabilis na saway ng kanyang ina. "Hindi 'yan ang tamang pagtrato sa mga bisita."*

*"Okay lang po, Ma'am, sanay na po ako sa anak n'yo. Ganyan talaga siya."*

*Hindi makapaniwalang tinitigan ni Ianne ang lalaki na sa pakiwari niya ay tinubuan ng halo sa sobrang bait ng aura.*

*"Sino ka?" sarkastikong tanong niya.*

*Mabait itong ngumiti pero halos nakikinita na niya ang kademonyohan ng takbo ng utak nito.*

*"Ianne, ano ba. Pumasok ka na doon at magbihis. Saka mo na harapin itong manliligaw mo. Nag-uusap pa naman kami," utos ng mommy niya.*

*"What?" gulantang niyang tanong, di sigurado kung tama ang narinig.*

*"Napagpasyahan kong pormal na kitang ligawan, Ianne. Nakapagpaalam na ako sa mommy mo at payag na siya. Hindi ko alam na parang magkapatid lang kayong mag-ina. Napakabatang tingnan ni Ma'am."*

*Kahit ang ina ay gusto nang dagukan ni Ianne nang humagikgik ito na tila kinikilig sa sinabi ng mapagbalat-kayong lalaki.*

*Pigil na pigil na ihampas kay Brett ang bitbit nitong tila sandaang rosas, hinarap niya ang ina. "Bihis lang ako, 'My." Hinarap niya si Brett at kung nakamamatay ang tingin ay nakahandusay na ito sa sahig. "Babalik ako kaagad," madiin niyang dagdag.*

# 3

"O, ano'ng nangyari? Nakita mo ba?"

Napabalik ang isip ni Ianne sa kasalukuyan sa tinig ng kaibigan. As usual, hindi na naman niya napansin ang paglapit ni Paola.

"Gym," tipid na sagot niya.

"Ano?" kunot-noo nitong tanong.

"Gym ang ginagawa nila sa kabilang kalye," paglilinaw niya.

"Oh, my God, Ianne, seryoso ka?"

Nilingon niya ang kaibigan. "Tingnan mo mukha ko, mukha ba akong nagbibiro?"

Tuluyan nang nagliwanag ang mukha ni Paola, kulang na lang ay magtatalon ito sa tuwa. "Ianne, naiisip mo ba ang maitutulong ng gym na 'yan sa atin? We can encourage the members there to dine here dahil sa food options natin. It will help them a lot, too! Lalo na ang nagbabawas ng timbang. I am *sooo* excited! Maybe I should talk to the manager. What do you think? We could formulate a diet plan, or… or some kind of business deal. Ianne, nakikinig ka ba?" Halos yugyugin na siya ng kaibigan.

"I think we need to move to another place, Paola," sa halip ay sagot niya.

Hindi siya nito pinansin. "I should go there and

see if I could speak to the manager or—"

"No!" mabilis niyang tutol.

Kunot-noo siya nitong nilingon. "Bakit hindi?"

Humugot siya ng malalim na hininga. "I… I just don't think it's a good idea."

"Ianne! It's the best idea I've had in months." Tila gusto siyang tuktukan ng kaibigan. "Ba't ba parang wala ka sa sarili mo?" nagtataka na nitong tanong.

"Kilala ko ang manager—I mean—ang owner, Pao. At kilala mo rin."

Tila nakasilip ng pagkakakitaan ang kaibigan at dumikit sa kanya. Natural na rito ang pagkatsismosa. Sa ibang pagkakataon ay aasarin niya ito, pero hindi ngayon. Masyado siyang maraming iniisip.

"Who is it?"

"The bastard who ruined my reputation and my first love story…"

Nangunot ang noo nito na tila biglang nawalan ng gana sa kanyang balita. "Ano na namang kadramahan 'yan?"

Napapalatak si Ianne. "Tingnan mo 'tong taong 'to. I'm serious!'" iritado niyang saad. Ang ganda pa naman ng introduction niya para kay Brett. She thought it was dramatic enough. Ini-expect niyang lalong makyu-curious ang kaibigan.

"Eh, ang tanging tao lang naman na mag-fi-fit

sa sinabi mo ay si Brett Jones. And the last time I heard, nasa states siya ngayon, training for his first championship match sa MMA o *UFC* or whatever the hell they call it. Ano'ng gagawin n'on dito at magtatayo ng gym?"

"You tell me," matabang niyang sagot.

Biglang natigilan ang kaibigan. "Wait, are you serious?"

"Dead serious."

"Oh, my God! Nandiyan si Brett ngayon? As in nasa kabilang kalsada?"

At hayun ang reaksyong inaasam niya.

"Ang kulit mo rin talaga! Oo nga, nananakit pa nga ang palad ko sa pagkakasampal ko sa kanya." Kung di pa niya napigilan ay muli niyang nahawakan ang kanyang bibig. Damn, she still couldn't believe that that bastard kissed him.

"Sinampal mo siya?" exaggerated nitong ulit.

"Mga limang beses!" pagmamalaki pa ni Ianne. "Ngayon ko pa lang siya nasingil sa ginawa niya sa akin noon." Lihim siyang napatiim-bagang nang mapagtantong may bago na namang utang sa kanya ang lalaki.

He owed her.

For kissing her so thoroughly.

Napamulagat siya sa biglang pag-iinit ng kanyang katawan nang maalala kung paanong ninamnam ng damuho ang kanyang mga labi.

"Gosh, namumula ka. Are you really still so mad at him?" puna ni Paola na titig na titig sa kanya.

"O-oo, kaya lumipat na lang tayo. Pagtatawanan ako ng lalaking iyon kapag nalaman niyang receptionist lang ang narating ng kaartehan ko noon," prangka niyang saad.

"'Sus, igagaya mo pa 'yung tao sa mga ginagawa mo sa mga ka-batch natin. I don't think Brett would judge you. Walanghiya nga siguro iyon but I don't recall him as being someone who judges people by what they have."

Maarte siya noong high school, well, kahit ngayon naman. But the case back then was different. Their family was rich. May-ari noon ang kanyang ama ng ilang hardware stores sa buong kamaynilaan. They had branches in malls and individual branches sa iba pang lugar sa Luzon. They had a couple of cars and their house was big.

Hanggang sa malaman ng kanyang ina na may kabit pala ang daddy niya. First year college siya noon. Her father has always been a womanizer. Simula pa noong bata si Ianne. Ilang beses na itong nahuli ng kanyang ina. None of them really trusted him after the first incident. Pero sa tuwina ay pinapatawad ito ng kanyang mommy alang-alang sa kanilang pamilya.

Ang inaasahan nilang lahat ay muli itong luluhod sa asawa at hihingi ng tawad. But instead,

her good-for-nothing father filed for an annulment and decided to stay with his young, brainless bimbo.

Her mother was an old-fashioned housewife. Kahit may pinag-aralan ay hindi nito iyon ginamit at inubos lang ang oras sa pag-aalaga sa dalawang anak. Siya at ang kanyang Ate Sandra.

Nang tuluyang ma-finalize ang annulment ay tuluyan na ring bumagsak ang kanilang kabuhayan. Both she and her sister were very mad at their dad for leaving them. Ipinamukha nila ritong hindi nila ito kailangan.

Their dad did end up begging. Hindi nga lang sa kanilang ina kundi sa kanilang magkapatid. He offered to give them half of what he owned, sobra-sobra pa sana iyon para maging maayos ang kanilang mga buhay kahit wala na silang contact sa ama.

But they were too angry to accept anything from him. Siya mismo ang nangako sa ama na hinding-hindi hihingi rito ng kahit na ano kahit gaano man sila maghirap. At naghirap nga sila. The only thing that was left to them was the big house na ngayon ay ilang taon na nilang naibenta.

Ang mga alahas nila ay naibenta na rin para sa tuition nila noon ng kanyang ate. Mas lumala pa ang kanilang sitwasyon nang mabuntis si Sandra at hindi pinanagutan ng lalaki.

Her sister was a daddy's girl kaya mas malaki ang naging impact dito ng nangyari. Nabuntis ulit ito sa pangalawang pagkakataon at hindi pa rin pinanagutan. Making their situation harder. Napilitan siyang tumigil sa pag-aaral kaya hindi niya natapos ang kursong Business Administration. Her sister never got the chance to finish college, too, dahil nga sa panganganak nito. At ngayon ay saleslady ito sa isang malaking jewelry store sa Makati.

Ang ina naman niya ay nakuhang mag-tutor sa ilang elementary students sa subdivision na nilipatan nila. Ito rin ang nagbabantay sa mga apo habang nasa trabaho si Sandra.

Being the proud, smart, and popular girl that she was back in high school, inasahan ng lahat na malayo ang kanyang mararating. Kaya naman ngayon sa tuwing may nag-iimbita sa kanyang batchmates ay kuntodo iwas siya. Ilang beses na ring nangyari na may mga nakakasalubong siya sa mga ito but she just pretended that she never saw them.

Ayaw niyang malaman ng mga ito ang kinahantungan ng kanyang buhay. Sad, but she was ashamed of where she was now. Si Paola lang ang may alam ng lahat ng kanyang pinagdaanan. Ito lang ang pinagkakatiwalaan niya, wala nang iba.

Pero kahit gaano man niya kagustong lumayo

sa puwesto ng café/restaurant ng kaibigan, hindi naman talaga niya magagawang pilitin itong lumipat dahil lang sa bitterness niya. Imbyerna kasing Brett, bakit pa ito sumulpot sa harapan pa mismo nila?

Napailing siya. Simula't sapul ay wala nang hatid ang lalaki sa kanya kundi kamalasan at kaguluhan.

"Hoy, natulala ka na naman diyan," sita sa kanya ni Paola.

"So, ano'ng plano mo?" seryoso niyang balik dito.

Tinitigan siya nito. "I'm sorry, Ianne, alam ko kung gaano ang galit mo sa lalaking iyon. But I need to look after my business. Hindi ko naman siguro kailangang magpa-appointment para makausap siya."

Nagkibit-balikat si Ianne. "May benefit din naman sa 'kin kung may mabuo kayong plano at pumatok iyon. At least hindi ako mawawalan ng trabaho."

Hinagod ni Paola ang kanyang likod. "Don't worry, everything's going to be fine. Napakatagal na ng nangyari, we were kids back then. I'm sure Brett's a changed man now."

*Asa ka pa!* gusto niyang isagot, pero hindi na siya kumibo.